

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE

News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE

October 1, 2020 (12:29 P.M. –1:31 P.M.)

SEC. ROQUE: *[INAUDIBLE]* ... Secretary Cusi at ni dating Congressman Mark Cojuangco. At inatasan po ni Presidente na pag-aralang mabuti iyong pagbubukas muli ng nuclear plant dito po sa ating probinsiya ng Bataan.

Sa ibang usapin naman po, naglabas na po ang Department of Tourism ng guidelines para sa operasyon ng mga establisyimento para sa tinatawag na 'staycation' under a General Community Quarantine. Ito po ang ilang sa mga salient points na nilabas ng ating Department of Tourism sa ilalim po ng Administrative Order # 2020-006-A:

Una, ano ba hong ibig sabihin ng staycation? Ito po iyong minimum of an overnight staying for leisure purposes sa mga accommodation establishment that is not being utilized po as COVID-19 facility.

Now, anong accommodation po ang eligible para sa staycation? Ito po ay iyong mga four to five-star hotels na hindi po ginagamit bilang quarantine facilities. Pangalawa, ito po iyong mga accommodation ng establishments na nabigyan ng certificate of authority to operate for staycation ng Department of Tourism.

Sinu-sino po ang pinapayagang guests sa staycation? Well, lahat po ay pinapayagang mag-staycation anuman ang edad, maliban sa may mga comorbidities o mga buntis.

Nasa guidelines din na ang DOT ang territorial limitation, ang mga guests ay maaaring mag-staycation sa mga accommodation or establishments na nasa parehas na probinsiya kung saan sila nakatira. Para po dito ang depenasyon, ang Metro Manila ay itinuturing na isang probinsiya. Kinakailangang magpresenta po ang staycation guests ng negative result mula sa rapid antigen test na isinagawa sa parehas na araw ng pagtsi-check-in.

Makikita ninyo sa inyong screen ang maximum number of guest room at a given time na nakabase po sa floor area. Ang maximum po sa 50 square meters ay limang katao lamang. Mandatory po ang contactless payments.

Sa mga accommodation establishments na nabigyan ng certificate of authority to operate for staycations, pinapayagan po ang restaurants at iba pang food and beverage outlets, excluding bars, gyms at swimming pools, subject po sa health and safety guidelines.

Now, ngayong araw, a-uno ng Oktubre, ay ang pagbubukas ng isla ng Boracay sa turismo. Nandiyan po kami sa Boracay sa Lunes kung saan tayo magkakaroon ng press briefing.

Ito ang mga guidelines po para sa mga domestic tourists na may planong mag-stay sa Boracay nang at least isang gabi, kasama rito ang turistang galing Aklan:

Una, puntahan po ang webpage ng <http://aklan.gov.ph>, at i-click ang online health declaration – piliin ang Boracay sa where to page. Pangalawa, i-fill out ang required fields at i-click ang submit. Pangatlo, may kumpirmasyon na lalabas. Pang-apat, mag-save ng kopya ng health declaration sa inyong smart phone o mag-print ng kopya. Panlima, i-attach po ang kopya ng health declaration kasama ang kopya ng RT-PCR negative result, isang kopya ng confirmed booking, slip form at proof of identification, at ipadala po sa touristboracy@gmail.com. Pang-anim, hintayin po ang e-mail response ng final validator – inaabot ng less than a day ang pagpuproseso matapos matanggap ang mga kumpletong dokumento. Pampito, kung successful ang pagpuproseso, makakatanggap po ng kopya ng health declaration na may tourist QR Code, ipapakita ito sa mga awtoridad. Kung sakali namang hindi successful, kinakailangang mag-submit ng mga requirements or kinakailangan ng klaripikasyon.

Simula ngayong araw, a-uno ng Oktubre, uumpisahan po ng Department of Transportation sa pamamagitan ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board ang pagpapatupad ng fully cashless transaction system gamit ang beep™ cards ng public utility buses ng EDSA bus way system. Para mag-load ng beep™ cards, pumunta lamang po sa LRT at MRT stations, FamilyMart at MiniStop branches, Bayad Center at kanilang affiliates, or via over-the-air (OTA) loading partners tulad ng BPI, EON by UnionBank at iba pa.

COVID-19 updates po [*inaudible*] ang global updates according po sa Johns Hopkins: Mayroon na po tayong 33,873,355 global cases at mayroon na po tayong 1,012,841 na namatay. Nangunguna pa rin po sa kaso ang Estados Unidos, pumapangalawa ang India, pangatlo po ang Brazil, Russia at Colombia.

Dito po sa ating bayan, mayroon na po tayong na-test na 3,487,710 na mga kababayan natin, ito po ay sa 104 licensed RT-PCR laboratories at 32 licensed GeneXpert laboratories. Ang aktibong kaso po ngayon ng COVID sa ating bayan ay 52,702. At sa numerong ito, ang asymptomatic po ay 9%, ang mild ay 86.4%, ang severe ay 1.4%, ang kritikal ay 3.2%. Dumarami rin po ang nag-recover, 253,488; ang mga namatay po ay 5,504.

Okay, dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Iyong kay—okay, uulitin ko po ‘no, nagpulong po kagabi si Presidente kasama po si Brother Eddie Villanueva, Deputy Speaker po ngayon; at

kasama rin po si Speaker Alan Cayetano at ang kaniyang maybahay, si Congresswoman Lani Cayetano, si Senator Pia Cayetano at kasama rin po si Senator Bong Go.

Bagama't ang pakay po ni Brother Eddie ay para i-pray over ang Presidente, eh inulit naman po ni Presidente na ang liderato, ang isyu ng liderato sa Kamara de Representante ay isang internal matter ng Kamara de Representante.

Okay, so kasama po natin ngayon ang ating Governor, Governor po namin dito sa probinsiya ng Bataan, Governor Albert Garcia. Albert, kumusta na po ang COVID dito sa ating probinsiya at ano po ang mga responses ng ating mga probinsiya? The floor is yours, Governor.

BATAAN GOVERNOR GARCIA: Yes. Maraming salamat po, Secretary Harry Roque – aming kalalawigan at kababayan dito sa Bataan. It's an honor to have you visit our province at para kumustahin po ang inyong mga kababayan dito sa lalawigan.

At magandang tanghali po sa ating mga viewers. Nandito po kasama ko si Mayor JoCas ng Mariveles at si Administrator Emi Pineda ng Freeport Area of Bataan.

Dito po sa Bataan ay nagagalak po akong i-report na as of today, malaki na po ang binababa ng active cases ng COVID dito po sa ating lalawigan. At iyong trend po ay pababa na rin po. So ang active cases po sa araw na ito ay aabot ng 500 plus coming from a high of almost 1,000 two weeks ago. At iyong trend nga po ay pababa na and this is because of the measures na ginawa po ng ating mga awtoridad, ating mga mayors, at lalung-lalo na po ng ating mga frontliners sa barangay at sa ospital and of course, sa kooperasyon na rin po ng ating mga kababayan dahil katulad po ng palagi ninyong pinapaalala, Sec. Harry, sa ating mga kababayan at sinabi na rin po ni Secretary Galvez, 85% po ng COVID infection ay maiiwasan kung tayo lang po ay magpa-practice ng health protocols.

So, that's 85% of the problem solved or the problem that would not have happened kung tayo lang po ay may disiplina at nagpa-practice ng *[technical difficulties]* ay pababa na po ang we're introducing new measures para pagpasok natin dito sa new normal na unti-unti po nating binubuksan ang ating ekonomiya *[technical difficulties]* hanapbuhay ang ating mga kababayan ay maging ligtas pa rin po tayong lahat.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Governor.

MAYOR CASTAÑEDA: *[Inaudible]*

SEC. ROQUE: Thank you, Mayor Castañeda. At kasama rin po natin and our host for today is Engineer Emmanuel Pineda ng Freeport Authority of Bataan.

Sir, the AFAB is the first Freeport Authority in the whole Philippines at marami pong 'locators' dito ano. I could imagine because it is an industrial estate eh mayroon din tayong naging issue tungkol sa COVID. Ano po iyong ginawa nating responses dito sa AFAB?

ADMINISTRATOR PINEDA: Magandang hapon sa ating kababayan, Presidential Spokesperson Harry Roque, of course sa ating mahal na gobernador, Gobernador Albert Garcia, at sa ating Mayor Jocelyn Castañeda.

Dito po sa Freeport Area of Bataan, tama po na ito po iyong kauna-unahang economic zone way back 1972 - EPZA. At the newest freeport noong ito po ay na-convert into Freeport Area of Bataan noong 2009. Mayroon po tayong operating locator companies na totaling to 97 before the pandemic. Mayroon ho tayong kabuuan na 46,000 workers ang ating nagtatrabaho dito sa loob ng Freeport.

Noong tinamaan po tayo ng pandemic, nagkaroon po ng matinding epekto at sa tulong naman po ng mga ahensiya, ng ating provincial government at pakikipag-ugnayan din sa mga local government, nanumbalik po. Unti-unti pong nanunumbalik at mayroon na po ngayong 83 na operational uling companies at nasa more than 20,000 po iyong nakabalik na na mga manggagawa.

Umabot po as of yesterday ng 234 COVID cases pero 209 po ang naka-recover at ang active na lang po ay 34 cases. At siguro po dumami po ito dahil nag-conduct po tayo ng mass testings para po masiguro na ma-identify iyong mga asymptomatic, especially, para ma-isolate kaagad sila at hindi na sila makapanghawa.

Mayroon po ang AFAB na itinayo na tatlong three-storey housing facilities intended for workers. Ito po ay kinonvert natin pansamantala into isolation facilities. May available po sa kasalukuyan na 111 rooms at iyong third building ina-allocate po natin sa mga locator bilang tugon sa requirement ng DOLE na magkaroon ng mandatory isolation facilities, totaling another 96 beds po

Sa kasalukuyan po mayroon tayong dalawang Red Cross tents, mayroong capacity na 16 – eight male and eight female – at dalawang negative pressure tents sa pakikipag-ugnayan po at suporta ng Provincial Government na mayroon pong capacity rin na 20 beds.

At makikita po natin na taos po iyong ating pagpupursige na masugpo iyong ating COVID-19 virus. Nagtalaga po tayo ng mga health screening facilities at kanina nga just to show their leadership by example, ang atin pong mahal na Secretary, Governor pati ang Mayor eh dumaan po sa ating triage. Wala pong exempted dahil po wala naman pong exempted sa COVID-19.

So, tuluy-tuloy lang po ang ating pagtutulongan upang tuloy-tuloy po nating matatalo at talunin at mawala na itong COVID-19.

Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Salamat, Administrator Pineda. Tumuloy na tayo sa ating open forum with the Malacañang Press Corps and the local press corps of Bataan.

Unahin natin si Usec. Rocky, questions from the Malacañang Press Corps, please.

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque. At sa ating mga bisita, good afternoon po sa inyo.

Tanong mula kay Kris Jose ng Remate Online: Reaksiyon po ng Malacañang sa panawagan ng grupo ng mga pamilya at kaibigan ng political prisoners na magkaroon po ng dayalogo sa mga awtoridad ukol sa pagpapatupad ng hakbang laban sa COVID-19 sa loob ng detention facilities.

SEC. ROQUE: Well, siyempre po inaaksiyunan ng gobyerno ang kundisyon ng lahat ng detention facilities hindi lamang po para sa mga political detainees dahil kinakailangan po alinsunod sa ating Saligang Batas, Equal Protection Clause – lahat sila na similarly situated, pareho po ang ating pagtrato sa kanila.

Sa ngayon po ang programa po ng DOJ ay dalawa po, pagdating po doon sa Muntinlupa ay mayroon na po tayong isolation facility na naroroon na ibinigay rin po ng ICRC ‘no at siyempre po mayroon din tayong programa sa Board of Pardons and Parole na hangga’t maaari, palalayain na po natin iyong pinakamaraming numero ng mga kuwalipikado na mapalaya na para nga po maibsan iyong siksikan na kundisyon sa ating mga kulungan dahil kung siksikan, wala pong social distancing.

At pagdating naman po sa mga local detention facilities nasa ilalim ng DILG. Ganoon din po, nagbukas din po ang DILG ng mga isolation facilities para doon sa mga detainees na nagti-test nang positive at nakikipag-ugnayan din po sa ating hukuman para mapabilis po iyong pagpapalaya o pagpapa-dismiss sa mga kaso na pupuwede nang ma-dismiss nang sa ganoon mas kakaunti na po ang mga nasa detention facilities.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, maganda na po iyong audio ninyo ngayon, malinaw na. Pero iyong kanina ninyo pong presentation, hindi po ito malinaw para sa ating mga kasamahan sa media.

Ang second question po ni Kris Jose: May panawagan din si Kapatid spokesperson Fides Lim sa pamahalaan na magpalaya nang mas marami pang bilanggo sa gitna ng alalahanin sa pagkalat ng virus sa loob ng mataong bilangguan partikular iyong low-level offenders, may mga sakit at matatandang bilanggo na daw po kasi.

SEC. ROQUE: Pinapatupad na po iyan ng DOJ. Pero lilinawin ko lang po, dalawang ahensiya ang involved sa kulungan. Iyong mga sentensiyado DOJ po, sa Muntinlupa at saka sa Women’s Correctional; at iyong mga local detention facilities, iyong mga local jails iyan po ay nasa DILG pero pareho naman po ang programa na isinusulong. Iyong mga sentensiyado na tinitingnan, pinabibilis iyong proseso ng probation and parole at

doon naman po sa mga DILG, nakikipag-ugnayan po sa mga hukuman nang sa ganoon eh iyong mga kasong mga minor offenses ay kung pupuwede ma-dismiss na at ma-decongest nga po iyong ating mga lokal na kulungan.

USEC. IGNACIO: Ang third question po niya: Dapat din daw na itigil na ng pamahalaan ang pagpapakulong sa quarantine violators at suspendihin ang political arrests.

SEC. ROQUE: Pagdating po sa quarantine violators at political arrest, kinakailangan po ipatupad ang batas. Para po doon sa mga political arrests, itigil ninyo po ang laban ninyo sa gobyerno.

USEC. IGNACIO: Last question po ni Kris Jose: Nanawagan din ang grupong Kapatid para sa COVID-19 testing sa lahat ng bilanggo at gawing regular ang online communications sa pagitan ng Persons Deprived of Liberty at sa kanilang pamilya sa pamamagitan ng electronic dalaw.

SEC. ROQUE: Well, hindi ko po alam kung posible iyong electronic dalaw pero pag-aaralan po iyan ng awtoridad. Makipag-ugnayan po tayo kay Secretary Meynard at saka doon sa ating Director ng BuCor. Pero pagdating po doon sa testing, isinasagawa po iyan dahil iyan po ang dahilan kung bakit naabatan iyong mas malawakan pang pagkalat ng COVID sa ating mga kulungan.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Joyce Balancio, please. Thank you, Usec.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Yes. Good afternoon, Secretary Roque. Pasensiya na po kasi kanina garbled iyong boses ninyo so hindi namin masyadong narinig 'no iyong announcement ninyo kanina.

I just like to ask again, ano po iyong napag-usapan nina House Speaker Alan Peter Cayetano at ni President Duterte last night? May mga specific bilin po ba si House Speaker Cayetano? And dagdag ko na rin since same topic, is the President pleased with what happened in the House Plenary yesterday?

SEC. ROQUE: Well, uulitin ko po ang paninindigan ng ating Presidente, iyong pagpili po ng liderato ng Kamara ay isang internal matter para sa Kamara de Representante at nirirespeto naman po ng Presidente ang naging desisyon ng Kamara na ibinasura po iyong pagri-resign ni Speaker Alan Cayetano.

Ang bilin po niya, kinakailangan mapasa talaga ang budget sa lalong mabilis na panahon dahil nakapaloob po sa budget iyong ating COVID-19 response at kung magkakaroon po tayo ng reenacted budget ay iyong budget sa taong ito po, wala pong COVID-19 response diyan dahil wala pa naman pong COVID.

So iyon naman po, nagkataon lamang po na ang pangyayari sa Kamara kahapon ay nangyari doon sa scheduled meeting sa panig ni Deputy Speaker Brother Eddie Villanueva at ng Presidente. Pero ang main dahilan po roon ay para i-pray over ang ating Presidente, na nangyari naman po.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Si House Speaker Alan Peter Cayetano po ba ang nag-see ng meeting with President Duterte last night?

SEC. ROQUE: Hindi po. Ito po ay in-arrange two weeks ago pa by Brother Eddie and it really is a pray over.

JOYCE BALANCIO/DZMM: All right. On a different topic, Secretary. Si Foreign Affairs Secretary Teodoro Locsin is opposing the sale of government properties in Japan for any reason and he said, "*What should be sold are properties of departments of budget, treasury and health for its...*"—and I'm going to quote him, "*Lousy response to COVID.*" He particularly suggested po selling San Lazaro Hospital and RITM. Ito po ba'y puwede, Secretary?

SEC. ROQUE: Mga personal opinion po iyan ni Secretary Locsin, pero ang sinabi ko noong huling press briefing, ang pagbibenta po ng mga property natin sa Japan ay hindi lamang dapat manggaling sa Presidente, kinakailangan magkaroon din po ng concurrence ang ating Kongreso. Thank you very much, Joyce.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, last na lang. Ang Metro Manila Council ay gusto po or they're eyeing MGCQ for NCR by November. Is it something possible given the current records ng NCR ngayon and is it a target of IATF?

SEC. ROQUE: It is not an impossibility dahil talaga naman pong napababa natin. Pero nasa kababayan pa rin natin iyan sa Metro Manila, alam na po natin ang dapat gawin – mask, hugas, iwas gaya ng sinasabi ng ating Presidente doon sa ating 'Ingat Buhay Para sa Kabuhayan' campaign.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you.

SEC. ROQUE: Okay. Si William, our Regional Director of the PIA will act as moderator for the local press. So thank you, Joyce. I call on William now to recognize a reporter from the local media who will ask the next question. You can address your questions to me, to Governor, to the Mayor or to the Administrator. Go ahead, William.

WILLIAM/PIA: Thank you, Secretary Roque for that and welcome to Central Luzon. Welcome to Bataan. Secretary, our first question from the Bataan Press will come from Mr. Greg [unclear] of Philippine Daily Inquirer.

GREG/PHILIPPINE DAILY INQUIRER: Good afternoon po, Mr. Spokesperson. Dito po sa Bataan, well ... ano po ang purpose ninyong pag-hold ng press briefing dito sa Bataan? Did you want to share something to Bataan to mitigate the spread of virus?

SEC. ROQUE: Well, ang orihinal na schedule po dapat isasabay natin itong press briefing doon sa tinatawag naming CODE visits 'no. Ito po iyong programa ngayon ng Department of Health at saka ng IATF kung saan umiikot kami at nilalatag po natin iyong CODE Program ng DOH na magbabahay-bahay sa mga barangay para humanap ng mga symptomatic. Unfortunately last minute na-cancel po because iyong kasama nating si Secretary Galvez had to appear in Congress dahil alam ninyo naman budget hearing 'no. Since na-arrange na po namin itong press briefing na ito ahead of time, tinuloy na lang po namin pero babalik po kami for the CODE visit.

WILLIAM/PIA: All right. No follow up, Sir Greg? That's it for the first question from the Bataan Press, Mr. Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Thank you. We go to Usec. Rocky again.

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, tanong ni Virgil Lopez of GMA News Online. Iyong first question niya nasagot ninyo na, about iyong details ng meeting ni President Duterte and Speaker Cayetano in Malacañang last night.

Ang second question niya: Is the Palace confident that Congress will be able to pass the 2021 national budget on time despite the leadership squabble at the House of Representatives?

SEC. ROQUE: Well, tingin ko tapos na naman po iyong controversy 'no at ang talagang paulit-ulit na pakiusap ni Presidente, kinakailangan mapasa ang ating COVID-19 budget on time.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Yes. Next is Trish Terada please of CNN Philippines.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon, Secretary. Sir, under the Speakership row 'no...[unclear] lawmakers say that they will depend on the President's wisdom to choose their leader. What can Malacañang say about this and the House's independence? And sabay ko na rin, sir, kumusta po si Pangulo, sir? How's his general feeling about this? Is he disappointed? Is he sad about what's happening in the Congress?

SEC. ROQUE: Well, alam po ninyo ako po talaga ay nag i-ingat pagdating sa mga sinasabi ko dito sa Speakership row dahil pareho silang kaibigan at saka siyempre po lahat ay inaasahan kung anong mensahe galing kay Presidente. So, ang Presidente po malinaw naman, hindi ako nagsalita noong nangyayari iyong mga pangyayari sa Kamara, dahil hindi ko pa nakukontak ang Presidente, pero noong siya ay tumawag po, talagang three sentences lang ang sinabi niya, wala po akong dinagdag, wala akong binawas: Stay out tayo diyan, no comment tayo diyan, that's

purely internal matter of the House of Representatives. So, he has left the decision on the House leadership to the individual members of the House of Representatives.

TRICIAH TERADA/CNN/PHILS: Sir, although it's a separate branch of government, if we are going to look at the overall picture of this whole House of Representatives drama, isn't it Malacañang bother that it may reflect badly on the administration? For one, it's happening in the middle of a pandemic where people are suffering, where people are hungry. Hindi po kaya magkakaroon ng epekto ito kung paano tingnan ng mga tao iyong gobyerno? Di ba nga po nabanggit na rin kanina iyong time din ng pagpasa ng budget?

SEC. ROQUE: Well, Trish siguro that is something that should be addressed to members of the House of Representatives. But in fairness to all of them, 'no they seem to have settled the issue of leadership dahil importante nga na mapasa iyong pandemic 19 budget ng ating bayan.

TRICIAH TERADA/CNN/PHILS: Sir, on another topic. Experts from the UP Marine Science Institute say iyong Manila Rehab Project or the sands project is an expensive project that doesn't actually solve Manila Bay's problems given the powers of the President under the Bayanihan 2. Is the government open or already considering the aligning, iyong allocated funds for this project to more urgent and important concerns like COVID response? Is this still possible, sir or is it too late to do this?

SEC. ROQUE: Nasimulan na po iyan eh, so kinakailangan tapusin na po iyan. Ang mga nari-realigned ay iyong mga hindi nagsisimulang mga proyekto. Iyong budget po kasi diyan, hindi lang siya budget actually for the rich nourishment, it's actually for the entire program of government in rehabilitating Manila Bay. And as I said, itong project na ito was proposed two years ago, included in last year's budget and only being implemented.

TRICIAH TERADA/CNN/PHILS: Salamat po, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you, Trish. William of PIA, please.

WILLIAM OF PIA: Secretary, the second question from the Bataan Press. From Larry Biscocho of Eagle News.

LARRY BISCOCHO/EAFLE NEWS: Tanong po kasi ng marami nating kababayan dito sa Bataan kung bakit hanggang ngayon po hindi pa natatapos iyong second tranche ng SAP?

SEC. ROQUE: Well, nagtataka po ako na hind pa natatapos dito, dahil ang report po natin ay halos tapos na iyong pamimigay ng second tranche ng SAP. Ulitin ko lang po baka mamaya hindi lang naiintindihan. Iyong second tranche para doon sa mga lugar na nasa ilalim pa ng ECQ or MECQ kung hindi ako nagkakamali buwan pa ng Hunyo, kasi April o Hunyo o May di ba. So,

tingnan po ninyo kung iyong mga panahon ng para sa second tranche ay nasa ilalim pa po ng ECQ or MECQ, iyan po iyong una.

Iyong pangalawa po, tingnan rin po ninyo, kasi maraming mga dobleng pangalan ang naitanggal ng DSWD. At dahil na nagawa naman po nila nito, mas mabilis na iyong pamimigay ng susunod kung mayroon man at mayroon naman po talagang ibibigay sa Bayanihan 2, doon sa mga lugar na na-lockdown. So, nalaman ko na mayroon tayong siyam na barangay na na-lockdown dito po sa Mariveles, iyong mga residente po doon ay qualified to get ayuda. So, pero ang alam ko po halos na-distribute na po ang second tranche. Perhaps si governor po can also comment on this matter.

BATAAN GOV. GARCIA: Thank you very much, Sec. Harry. Pagdating po dito sa SAP ang isang challenge po talaga ng ating mga mayors, ng ating mga barangay officials and ng DSWD is the availability of accurate and aggregated data. Tandaan po natin na iyong distribution ng SAP ay hindi po para sa lahat; may requirements po kung sino lang po ang puwedeng makatanggap. May mga hiwalay po na mga kababayan natin ang makakapag-avail ng ayuda mula sa gobyerno from another program – kung sa DOLE man or sa iba pang mga ahensiya ng ating gobyerno.

Ngayon, dahil po sa unavailability of accurate, updated, integrated data, nahihirapan po talaga iyong ating mga mayors at parang bulag po sila. Katulad po dito sa Mariveles o sa lalawigan ng Bataan, marami pong mga migrant workers from all other provinces ang nagtatrabaho dito at siyempre hindi na po kilala lahat ng ating mayor o ng ating mga barangay officials kung sinu-sino po talaga nang sa ganoon ay talagang mai-direct na po talaga mismo doon sa dapat makatanggap ng SAP. So, dito po makakatulong iyong ating National ID program. Pero it will take a while bago po ma-distribute itong National ID sa 110 million Filipinos. Pero iyon po talaga iyong pinakasolusyon para maibigay po talaga ng kapitan doon sa karapat-dapat makatanggap at hindi po siya government worker, hindi po siya factory worker na dapat sa iba namang ahensiya tatanggap ng ayuda mula sa ating pamahalaan.

SEC. ROQUE: Okay, Mayor, would you like to add?

MAYOR CASTAÑEDA: Yes po. With regards po sa SAP, dito po sa bayan ng Mariveles, last Friday po nagbigay na po ng updates sa atin ang MSWD Head, si [unclear] wherein sinabi po niya na naka-schedule naman na po iyong mga beneficiaries natin sa SAP po para sa second tranche. It is just that, iyon po kasing mga wala pong cell phone number noong nakaraan po, iyong mga hindi po nakapagbigay po ng contact details, so nahirapan po silang i-locate, dahil ang nagpa-facilitate po ng distribution ay ang atin pong DSWD region. At sila din po ang nagkomisyon po ng mga money remittance center kung saan po natin makukuha iyong ating mga benefits na iyan. So, I believed po na in a matter of few days matatapos na rin po iyong distribution at lahat po makatanggap na po ng second tranche, iyong mga na-qualified po talaga, iyong dati nang na-qualified.

Q: Last question po kay Governor Abet at Mayor Jocelyn Castañeda at kay Administrator Emmanuel Pineda. Paano po ang naging tulungan ng LGU-Mariveles, provincial government at Bataan nang isara po 14 days lockdown iyong siyam na barangay at ano po ang naging bahagi ng—particular po sa mga workers sa panahon ng pandemya.

BATAAN GOV. GARCIA: Maganda po iyong naging coordination with the municipality and authority of the free port area of Bataan lalung-lalo na po itong last 14 days na nag-lockdown po tayo sa Mariveles. From the distribution of relief goods dahil hindi po nakapagtrabaho iyong ating mga mamamayan to the mass testing na ginawa po dito sa park, sa mga barangay, sa palengke, coordinated po ang lahat ng ating mga ahensiya na aking nabanggit to the isolation and quarantine ay nagtulong-tulong po talaga iyong bawat isa. At makikita po ninyo sa resulta, ang laki po ng ibinaba ng ating positive cases in the last two weeks. And of course [garbled] barangay officials na kung saan may ni-launch na nga kami ni Mayor na program na kung mayroong 20% reduction ng COVID compared to the last 15 days, mayroon po silang recognition and incentive.

So gaganapin po ito every 15 days. Iyong last 15 days po, naganap na po namin via Zoom; at iyong susunod na cut-off po ay kahapon, September 30. So, in the next couple of days ay gagawin po namin iyong recognition. Ito po ay continuous na ire-recognize sila, basta po may 20% reduction hanggang maging zero iyong COVID sa barangay dahil sa proactive participation ng ating mga BHERTS at kapag nating zero at ma-maintain iyong zero, tuloy-tuloy po iyong recognition incentives. Inuna lang po natin dito sa lower Mariveles dahil dito nagkaproblema 14 days ago, pero ito ay gagawin natin sa buong lalawigan ng Bataan.

ENGR. PINEDA: Kagaya po ng nabanggit ng ating gobernador. Naging maayos po iyong ugnayan at ang naging sistema po, iyong mga workers natin ng mga kumpanya sa Freeport Area of Bataan na qualified magtrabaho, sila po ay iniisyuhan ng permit ng AFAB [*Authority of the Freeport Area of Bataan*] at ito po ay iniendorso sa municipal health office sa LGU dahil sa bandang huli, ang barangay po ang siyang magkukontrol ng paglabas ng mga manggagawa. Kaya po iyon po iyong naging ugnayan ng Freeport Area of Bataan at ng ating LGU base po sa listahang ibinibigay ng AFAB, nag-iisyu naman po sila ng kaukulang permit sa mga indibidwal na residente ng bawat barangay na naka-lockdown at sila po ay napapahintulatang lumabas.

SEC. ROQUE: Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary, question from Julie Aurelio: Congressmen yesterday rejected House Speaker Alan Peter Cayetano's offer to resign. Can this reverse Presidente Duterte's order that the term sharing deal be honored and Marinduque Representative Lord Allan Velasco assume on October 14?

SEC. ROQUE: Actually, hindi ko nakuha iyong first part. Ano iyong first part?

USEC. IGNACIO: Ulitin ko, Secretary. Ang sabi niya: Congressmen yesterday rejected House Speaker Alan Peter Cayetano's offer to resign. Can this reverse Presidente Duterte's order that the term sharing deal be honored and Marinduque Representative Lord Allan Velasco assume on October 14?

SEC. ROQUE: Well, nasagot ko na po iyan. Nirirespeto po ng Presidente ang desisyon ng ating mga mambabatas dahil this is a purely internal matter of the House of Representatives.

Mayor, I'm sorry, yes, on the question iyong ugnayan.

MAYOR CASTAÑEDA: Well, I admit na the past few... siguro po few months po, nagkaroon lang po nang kaunting incoordination that leads to miscommunication kaya po may mga iba pong mga... nagkaroon po ng mga, siguro po lapses on our part din na magkaroon po ng data, parang iyon pong data po doon sa ating mga nag-positive and nagpapa-swab test. Pero dahil nga po sa tulong ni Gov., naging maayos naman na po after that and we believe po na, tama po iyon na through proper coordination po, doon po talaga magiging effective and successful po itong ating laban sa COVID-19.

Like for example, iyon pong naging suggestion po ni Gov. na magkaroon ng lockdown po for 14 days iyong ating nine barangays ay napakalaking tulong po. And also iyon pong coordination po on the part of the AFAB po na magbigay po ng mga data doon po ng mga nagpa-positive po na mga workers, nakakatulong po iyon upang sa ganoon po ay malaman natin kung nasaan na po iyong virus. Because for the past few months, we have lost track of the virus po kaya po through proper coordination so nagkakaroon po tayo ng tamang direction kung papaano po natin susugpuin itong virus na ito, hindi nakikita.

So maraming salamat po kay Gov. at saka po kay Admin Pineda.

SEC. ROQUE: Joseph Morong, please, GMA 7. Thank you, Mayor.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, good afternoon. Good afternoon po diyan sa Bataan. Sir, okay, we get that 'no, ang sinasabi ni Presidente is that he is not going to intervene anymore. But let's go back to the time that he talked to Speaker Cayetano and Congressman Velasco. Bottom line, sir, and for the record, because we've been hearing, you know, conflicting accounts from both camps: What was the President's wishes?

SEC. ROQUE: Ang latest nga po, I quoted him verbatim, and this is when we had a telephone conversation yesterday. Tinanong ko, ano po ang saloobin ninyo dito sa nangyari sa House na nag-resign at ni-reject po ng mga mambabatas? Ang sabi niya, 'Stay out tayo. No comment tayo diyan. That's a purely internal matter of the House of Representatives.'

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay, sir, we accept that. Pero, sir, iyong question is—kasi may lumalabas na October 14 and then may December. Nagtanungan pa sila na gusto nilang maging Speaker because it's going to be their birthday. These kinds of talks, parang we need clarity, I think, from Malacañang kung ano ba talaga iyong sinabi ni Presidente – patapusin iyong budget and then Speaker Cayetano will resign on October 14 or he keeps it because of the vote yesterday?

SEC. ROQUE: I think the President has said that he respects whatever the decision of the lawmakers was yesterday. So if that was the decision, so be it. If there's going to be a new decision in the future, that's up to the House. Pero the President has said that he will not interfere beyond reminding the parties to honor the agreement 'no. So hanggang doon na po ang posisyon ng ating Presidente.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay, that much we can say, sir, that honor dapat iyong gentleman's agreement between the two congressmen, correct?

SEC. ROQUE: Well, iyan po iyong sinabi niya noong two weeks ago. Pero kahapon, ang sinabi na nga niya ay with everything that has happened in the House, he accepts the decision of the lawmakers – to reject the resignation of Speaker Cayetano.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, is Malacañang willing to release the video? Because I understand, may video naman iyan, may pinakita kayong konting mga 2-minute about the meeting para lang kung anumang kampo iyong kinabibilangan nila, klaro kung ano iyong sinabi ni Presidente noong meeting nila.

SEC. ROQUE: Itatanong ko po 'no. Pero, again, iyan po iyong nakarating sa akin 'no. May mga iba pang nakarating sa akin pero it did not come from the mouth of the President so I will not repeat. Gaya ng aking sinasabi po, kapag hindi nanggaling sa bibig ng aking principal po, hindi ko na muna sinasabi dahil maselan po ang usapin na ito.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, iyong kagabi, ang sabi ninyo po iyong meeting or iyong pray over nitong si Brother Eddie had been set up two weeks ago. Iyon po bang plano na iyon includes si Speaker Cayetano or was he just there incidentally? And what was the President's statement? May sinabi rin ba si Speaker Cayetano kay Presidente? Nagsumbong ba siya? What happened yesterday or nag-report siya?

SEC. ROQUE: Well, ang pagkakaintindi ko po – again, this did not come from the President – wala naman pong binolontir [volunteer] si Speaker Cayetano kasi nailabas ko na po iyong saloobin ng ating Presidente. So ang pagkakaintindi ko po, ni-reiterate lang ng ating Presidente, he respects the decision of the individual members of the House of Representatives.

JOSEPH MORONG/GMA7: Sir, sorry, just one last. Sabi ninyo po—ano ito? Wait lang ha. It seems that the controversy is over, tapos na iyong controversy. Ibig sabihin, sir, si Speaker Cayetano can keep his post?

SEC. ROQUE: Well, I think that's what happened yesterday, Joseph. He offered to resign, it was rejected, he continues to be Speaker.

JOSEPH MORONG/GMA7: Kasi, sir, 'di ba cong ka rin naman before, ang sabi improper [unclear] na motion.

SEC. ROQUE: That's for the House to resolve. Even the Supreme Court cannot interfere in this regard.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay. So, sir, walang magri-resign sa October 14?

SEC. ROQUE: I do not know po. But for now, with what happened yesterday, clearly, Speaker Cayetano offered to resign, rejected, he continues to be Speaker.

JOSEPH MORONG/GMA7: Okay, sir. Thank you for your time, sir.

SEC. ROQUE: Thank you po. William?

MODERATOR: Secretary, another from the local press, Ms. Zeny Soriano of One Bataan.

ZENY SORIANO/1BATAAN: Good afternoon, Mr. Secretary. My question is for Governor Abet Garcia. Gov., you said a while ago that there is now a downward trend to the number of infections happening now in Bataan. To what measure do you attribute this development; and how you will make sure that the surge will not happen again?

BATAAN GOVERNOR GARCIA: Yes. First of all, itong downward trend, number one is because of the cooperation ng ating mga kababayan. Like I said earlier at palaging pinapaalala ni Secretary Harry Roque at kahit iyong ating Pangulo, si President Rodrigo Roa Duterte, 85% ng infection ay nasa kamay nating mga mamamayan. So kapag magsinop lamang tayo at maging disiplinado at sundin ang mga health protocols, maiiwasan po natin iyong paghawa-hawa, so number one.

Number two is iyong sipag at kooperasyon at malasakit ng ating mga frontliners. From the province, the municipality, the barangay, the hospital, health workers, lahat ng ating mga kinauukulan na nagtulung-tulong para ma-test, ma-contract trace, ma-isolate, maalagaan,

mabantayan iyong ating mga barangay at ating mga bayan ng sa ganoon ay ma-break iyong chain ng hawa-hawa. At ito naman po iyong nangyari, nakita natin na about 50% ang binababa natin in the last two weeks, and hopefully diri-diretso iyong trend pababa with the cooperation of our mga kababayan.

And may i-introduce pa po tayong mga bagong measures ng sa ganoon ay talagang as we proceed to the new normal ay mas maging ligtas po tayo. At alam ninyo naman po iyong naging ugnayan po natin the other week, ito po iyong first day, October 1 sa pagbisita ng ating Secretary na in-implement po natin iyong QR code sa ating mga checkpoints. So, bago po pumunta rito minonitor po natin iyong ating mga checkpoints. As expected, sa umpisa medyo may kaunting pagsasanay na kailangan tayong gawin. Pero I'm happy to report na karamihan ng mga pumapasok ng ating borders ay mayroon na pong QR code sa kanilang mga cellphone.

So, napakagandang pangitain po ito dahil talagang nag-e-effort din po ang ating mga kababayan na mas maging ligtas. Ang naging isang problema lang po siyempre iyong hindi pa sanay pagdating sa checkpoint, ilalabas iyong cell phone, hahanapin iyong QR code tapos isa-scan ng ating men in uniform. So, doon lang po medyo nagtatagal, pag-aaralan po namin lahat this afternoon ang naging proseso this morning at siguro panibagong pagbibilin kung paano mas magiging swift ang pagpasok ng ating mga kababayan para hindi na sila maabala masyado at the same time mas ligtas po tayo dito sa ating lalawigan.

Q: Governor, can you mention some of the major undertakings in Bataan in the fight against COVID such as iyong mega facility natin?

GOVERNOR GARCIA: Yeah, opo. Alam naman po natin na dito sa Mariveles kahit ang dami na nating isolation – tumulong iyong munisipyo, iyong FAB (Freeport Authority of Bataan), nandiyan pa po iyong dalawa nating ospital, iyong Mariveles Wellness and Mental Hospital plus iyong Mariveles District Hospital – nagtulong-tulong po tayo sa isolation and yet napuno pa rin po.

Sa Balanga, halos lahat na po ng hotel at resort ay inupahan na po natin, kinausap natin iyong mga may-ari. Ginagamit na po natin at napuno pa rin po kahit na may mga quarantine facilities na iyong bawat munisipyo sa ating lalawigan, napupuno pa rin po. So, minarapat po ng ating probinsiya na magtayo po ng mega quarantine facility para ho mapunan iyong pagkukulang ng ating quarantine facility at maiwasan na nga iyong binibilin sa atin ng National IATF na dapat hindi na po mag-quarantine sa bahay dahil mahahawa po iyong buong pamilya.

So, minamadali po ito and hopefully in the next few weeks magbukas na po ito. Kapag nagbukas po ito siguro ang capacity po nito from 300 to 400. Instead of maliliit na mga quarantine facilities kung saan hiwa-hiwalay iyong ating mga personnel, hiwa-hiwalay iyong ating logistics na napakahirap i-manage, so, dito mace-centralize po natin. Maaaring hindi pa rin siya sumapat at magagamit pa rin po natin iyong mas maliliit na quarantine facility pero malaking tulong po siya para punan iyong much needed space and availability ng ating quarantine facility. So, isa po iyan.

Q: Thank you, Governor. Kay Secretary Harry Roque. Sir, what are the policies of the national government that will ensure a balance in the management of health and economic needs of the Filipinos?

SEC. ROQUE: Okay. Iyan po talaga iyong napakahirap na balanse na palagi pong ginagawa ng IATF. Sa katunayan po ngayon, iyan po ang issue sa Metro Manila kung dapat nga bang gawing MGCQ na dahil kinakailangang buksan ang ekonomiya or kailangan pa ring maging rigid at gawing GCQ pa rin.

Kapag GCQ po, 50% lang ng ekonomiya ang bukas; ang MGCQ, 75% ng ekonomiya. Ang aming kampanya po sa OPS ay pupuwede naman po tayong mabuhay in spite and despite COVID. Hanggang wala pong bakuna nandiyan pa rin talaga si COVID-19 at ang ating mensahe po, pag-ingatan po natin ang ating mga buhay para tayo po ay makapaghanapbuhay.

So, iyan lang po ano, hindi po siya exclusive of each other, kinakailangang matuto na po tayo na mabuhay na nandiyan ang COVID at kaya naman po sa pamamagitan ng 'Mask, Hugas at Iwas'.

Q: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you. Pia Rañada of Rappler, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Hi, sir! Good afternoon. Sir, did the President know ahead of the plenary session that lawmakers would reject Speaker Cayetano's resignation?

SEC. ROQUE: Hindi po.

PIA RAÑADA /RAPPLER: Okay. And then, sir, has the President given his last word on the Speakership and term sharing deal, meaning, once mag-October 14 for example, the President will ... will he bring it up again, the term sharing agreement or do you think ito na ang iyong last say na he'll never intervene after this?

SEC. ROQUE: Iyon na po ang statement ng Presidente, stay out po siya diyan. No comment na, purely internal affair matter of the House.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Pero, sir, ito na iyong last? I mean, like kasi they were saying December, the President was okay with Velasco taking the Speakership role in December. So, does it mean that in December this could again come up?

SEC. ROQUE: Well, I think iyong December was rejected by Congressman Velasco as stated in the speech of Speaker Cayetano and since it was rejected, parang ang naging agreement was magri-resign nga in October. Inagahan ni Speaker, nag-resign siya kahapon hindi nga lang po siya pinayagan ng mayorya at iyon po iyong sinasabi ni Presidente na stay out na ako diyan dahil nagdesisyon na ang Kamara at iyan po ay purely internal matter sa Kamara.

PIA RAÑADA RAPPLER: So, if Representative Velasco agreed to being Speaker in December pa, then you think the President would have push for him more?

SEC. ROQUE: I don't know ... that's really ... I don't know 'no. I'm not willing to speculate kasi nga iba rin iyong nangyari kahapon. I think it's a first in Philippine history that the Speaker offered to resign and it was rejected 'no. So, of course, that's subject to legal questions. May mga issues na inilalabas ang ilang mga Kongresista but it's a matter that only the Supreme Court can interfere. But the Supreme Court itself has said in many cases that when it comes to internal matters of an independent branch of government, they stay out of the controversy as well.

PIA RAÑADA /RAPPLER: And, sir, Velasco were to change his mind and say, "Okay, okay na ako for December," will the President rally behind him once more?

SEC. ROQUE: I think the President recognizes already the vote of the individual members of the House.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay, sir, last question. Sir, may we know what the president discussed with DOE Secretary Alfonso Cusi? I think they met recently.

SEC. ROQUE: [technical difficulties] family is very active in an advocacy on the nuclear plant. I think everyone here has the same position on the nuclear plant. Pero ang sabi naman po ng ating Presidente, kinakailangan talagang pag-aralan nang mabuti iyan. Ibalik sa ground level, tatanungin ang taumbayan ng Bataan kung ano ba talagang gusto nila. Hindi pupuwede na sa taas nanggagaling ang desisyon. Iyon pala iyong statement ng Presidente na dapat i-share ko lalung-lalo na sa aking mga kababayan dito sa Bataan. Tayo daw po ang unang konsultahin kung mabubuksan muli ang Bataan Nuclear Power Plant.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, sorry garbled kayo when... the first words that you spoke on the question. Sir, can you repeat? Si Sec. Cusi wanted—

SEC. ROQUE: Okay. Pagdating po dito sa meeting with Secretary Cusi and former Congressman Mark Cojuangco, ang sabi po ni Presidente start from the ground. Pag-aralang mabuti but start from the ground and I think that to me, kami pong mga taga-Bataan ang dapat konsultahin muna kung gusto nating buksan ang Bataan Nuclear Power Plant.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. Thank you, sir.

SEC. ROQUE: Thank you po. Yes, William/PIA...

WILLIAM/PIA: Yes, sir, a few questions from Jimmy Sy of Power Radio.

JIMMY/POWER RADIO: Good afternoon. My question is for Secretary Harry Roque. Can you share with us the latest updates on COVID vaccine or other medical advancements that will help the people fight COVID?

SEC. ROQUE: Well, same po, all the vaccines are undergoing third and final clinical test. Ang pinaka-latest po na briefing na ibinigay sa akin it's just here – mayroon pong latest information on Moderna, mukha daw pong it has very promising results doon sa kaniyang third phase ng clinical trials 'no.

Nakikipag-ugnayan pa rin po tayo with the Russian authorities as far as the Russian Sputnik is concerned dahil kinakailangan dumaan pa rin sa third clinical trial both in Russia and in the Philippines. Iyong sa England po nag-resume na sila, panandaliang tinigil. The President is most hopeful with China but he has also said that Johnson and Johnson is on track.

Now alam ninyo naman po kasi ang nature ng pharmaceutical industries 'no, nag-uunahan po iyan which is good for us 'no. Nag-uunahan iyan at alam po nila kung sino mauna, sila po iyong kikita nang pinakamalaki. So let's hope that the free market this time will really come to our rescue and will incentivized the drug manufacturers to come up with vaccine sooner than later.

JIMMY/POWER RADIO: Thank you po.

WILLIAM/PIA: Do you have any follow up, Jimmy? All right. Mr. Secretary, another question will come from Ka Elias of 91.1 Sikat FM and COB News Network.

KA ELIAS/COB NEWS NETWORK: Good afternoon po sa ating lahat. Ang katanungan ko po ay para kay Secretary Roque. Sa kabila po ng nangyayari ngayon, alam natin nahaharap sa pandemya ang buong Pilipinas [*garbled*]. Ang tanong ko po, Secretary Harry Roque, para dito sa amin sa Bataan, how does the national government assist Bataan dito po sa laban namin sa COVID?

SEC. ROQUE: Well, unang-una po, ang original plan, pupunta po dito dapat iyong CODE kasama po ang National Task Force kasi importante po talaga ang Bataan 'no. It is highly industrial and it is proximate to Metro Manila 'no. So we have been giving priority particularly to this region kasi kailan lang po mataas talaga ang kaso, kailan lang po naging MGCQ ang Region III 'no. At nais nga po naming malaman kung ano pa ang kinakailangan ng probinsiya at ng [*garbled*] ng national government, ibibigay po natin diyan. Unfortunately, wala po ngayon dito iyong CODE Team pero I can assure you po iyong 20 million na libreng mask, mayroon pong share ang Bataan diyan.

Normally po in the CODE meetings, we turnover partially iyong allocation for the local government unit tapos nagbibigay din po tayo ng mga PPEs which are always in short supply. In my individual capacity, I try to give as much as I could to Bataan General Hospital for PPEs at saka mayroon din po tayong mga gamot na dala-dala na. Mayroon po tayong Remdesivir na ibibigay para sa mga local hospital dito at kaunting Avigan po

'no. Namimigay din po tayo ng mga ventilators at saka mga cannula para po sa mga lokal na ospital ng mga lokal na pamahalaan at lahat naman po iyan makakarating dito po sa Bataan.

KA ELIAS/COB NEWS NETWORK: Ang isa ko pa pong katanungan, Secretary Roque. Iyong laban natin ng pandemya dito sa atin sa bansang Pilipinas, mayroon pong mga lugar/region na lumalaki/lumulobo; mayroon naman pong lugar na maraming nakaka-recover at bumababa. Ang tanong ko po, when do you see the Philippines flattening the curb?

SEC. ROQUE: Well, bumababa po ang numero pero no one can predict po when we can actually flatten the curb. Ang importante po, hindi po nao-overwhelm iyong ating healthcare system, dahil kapag na-overwhelm po iyan ibig sabihin ang mga magkakasakit sa kalye na lang iyan ilalagay 'no at naiiwasan naman po natin iyan. At dahil na rin po iyan sa kooperasyon ng lahat na nagma-mask, naghuhugas at umiiwas.

KA ELIAS/COB NEWS NETWORK: Thank you po.

SEC. ROQUE: Salamat po. Okay, so wala na po tayong questions?

Unang-una po, thank you very much to our guests – Governor Albert Garcia, ang sabi po nila kamukhang-kamukha ko talaga si Governor Garcia, guwapong lalake; si ating Mayor, Mayor Jo of Mariveles; si ating Admin, si Emmy ... Pasensiya na ha, mga palayaw na ang tawag ko – close na tayo. At siyempre po nagpapasalamat po kami sa local media ng Bataan, sa mga miyembro ng Malacañang Press Corps, kay Usec. Rocky.

At maraming salamat po sa inyong lahat na medyo naantala po tayo kasi talagang 'pag kami'y nag-off site broadcast, may mga konting mga problemang nangyayari po. At maraming salamat sa inyong pagsama sa ating press briefing ngayon.

At muli po, sa ngalan ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque na nagsasabi na we will heal as one. And siyempre po dahil ako po'y taga-Bataan, mabuhay po ang 1Bataan.

###

--